

CHAPTER *One*

*M*ahal ang pamasaha sa tricycle dito, kaya maglakad ka na lang. Malapit lang naman ang pagdadalhan mo sa mga iyan.” Iyon ang sinabi kay Destiny ng Auntie Belen niya nang utusan siya nitong i-deliver ang mga kakanin na order ng pinakaimportante nitong customer.

Sa isang gaya niyang ipinanganak at lumaki sa Manila, ngayon lang niya na-realize kung gaano ang katumbas ng salitang ‘malapit lang’ sa probinsya.

More than half an hour na kasi siyang naglalakad, pero hindi pa rin niya nakikita ang bahay ng isang nagngangalang Elenita De Gracia na pagdadalhan niya sa mga kakanin.

Nagmamaktol ang kalooban na ibinaba ni

Destiny ang bitbit na dalawang magkapatong na medium size na bilao ng maja blanca at bibingka pati na ang hamper na puno ng iba't ibang kulay ng puto.

Naalala niya noong bata pa siya at kasa-kasama pa ng mama niyang si Stella sa paglalako ng kakanin. Nagagalit ito sa tuwing sinasabi niyang mabigat ang paninda nila. Magiging mabigat din daw iyong ibenta.

Pero ngayon, dahil bayad na ang kalahati ng mga dala niya at ang kabuuang bayad ay makukuha niya kapag nakita niya si Mrs. De Gracia.

Palagay niya ay wala nang magiging epekto kahit sabihin niyang talaga namang pagkabibigat ng mga bitbit niya.

Iniunat-baluktot niya ang mga braso para ibsan ang pangangalay ng mga iyon. Ayon kay Auntie Belen, isa raw sa pinakamayaman sa lugar na iyon si Elenita De Gracia. Malaki raw ang bahay niyon na nasa loob ng isang malawak na coconut plantation.

Napahagod sa mukha si Destiny dahil ni kubo nga ay wala siyang makita mula sa kinatatayuan niya. Paisa-isa rin ang nakakasalubong niyang mga tao at tatlong sasakyan pa lang ang nakita niyang dumaan. May mayaman bang titira sa ganoong lugar?

Dinampot niya ang mga dala nang mapansin na mababa na ang araw. Tantiya niya ay pasado alas

cuatro na iyon ng hapon. Ang sinabi pa ni Auntie Belen ay panghimagas daw sa dinner party ni Mrs. De Gracia ang mga kakanin, kaya dapat ay nasa bahay na ng nasabing babae ang mga iyon bago dumilim.

Ilang metro pa lang ang nalalakad niya mula sa pinagpahingahan nang may naulinigan siyang nagpahinto muli sa kanya. Tunog iyon ng parating na sasakyan galing sa likuran niya, pero dahil kakalagpas lang niya sa kurbadang bahagi ng kalsada ay hindi niya iyon natanaw nang lumingon siya.

Nabuhayan siya ng loob. Hindi siya binigyan ni Auntie Belen ng pera, pero may kaunting barya naman sa bulsa niya na malamang ay sapat nang pamasaha. Tantiya kasi niya ay tricycle iyong paparating base sa tunog. Maaari ring single na motorbike iyon at kung ganoon nga ay baka puwede niyang mapakiusapan ang rider niyon na iangkas siya.

Inilapag niya muli ang hamper para makawayan ang paparating na sasakyan. Ilang saglit lang at sumungaw na nga iyon sa kurbada. Isa iyong motorsiklo gaya ng hula niya.

Ang problema ay hindi niya na-anticipate na sobrang bilis pala ng takbo niyon at sa pagliko ay napagilid nang husto sa gawi niya.

“Ay, hudas!” tili niya nang humaginit iyon sa harap niya.

Sa pag-iwas ay napabalandra siya sa damuhan sa gilid ng kalsada. Ang bitbit niyang mga bilao ay nabitiwan niya. Tumahip ang dibdib ni Destiny sa sobrang kaba, pero mas nanaig sa kanya ang pag-aalala sa mga kakanin.

“Hala, patay!”

Tarantang ginapang niya ang kinabagsakan ng mga bilao. Himala na parang inilapag lang nang maayos ang mga iyon. Ang natumba ay ang hamper, pero hindi rin naman nabuksan ang cover niyon.

“Diyos ko, mabuti na lang hindi nasira ang mga kakanin,” aniyang nakahinga nang maluwap.

Nang bigla siyang may narinig na nagsalita.

“Hey! Are you all right?”

Napaunat ang dalaga. Saka lang niya napansin na naroon pa pala ang motorsiklo, nakahinto sa di-kalayuan at nakalingon sa kanya ang lalaking sakay nito.

“I said, are you all right?” ulit nito nang hindi siya agad nakasagot.

“All right ka diyan!” singhal niya. “Muntik mo na akong sagasaan ’tapos tatanungin mo kung all right lang ako?”

“Hindi kita sasagasaan.” Nag-alis ng helmet ang

lalaki. “This road is relatively narrow, I assume you have already noticed that.”

Napaangat ang isang kilay ni Destiny. Mula nang dumating siya sa bayan na iyon ten days ago ay wala pa siyang narinig na nag-English ng isang buong sentence. Nakakapagtakang nakatagpo pa siya ng isa sa liblib na lugar na iyon.

“Next time huwag kang maglalakad sa gitna ng kalsada. Baka sa susunod masagasaan ka na talaga,” sabi pa nito bago muling pinaarangkada ang motorsiklo.

“Wala naman ako sa gitna, ah,” umiingos na bulong niya habang tumatayo. Pinagpagan muna niya ang alikabok sa mga binti bago inis na sinundan ng tingin ang lalaki. Gayun na lang ang pamimilog ng mga mata niya nang makita kung saan ito tumuloy.

Sa di-kalayuan ay isang mataas na gate, na hindi niya napansin kanina, ang nagbukas para rito. Kahit malayu-layo pa siya roon, sa laki ng mga letrang nakasulat sa mismong mga dahon ng gate ay malinaw niya iyong nabasa.

De Gracia!

She burst out a sigh of relief. Sa wakas ay narating din niya ang kanyang destinasyon.



“Bro, where have you been? Kanina ka pa hinahanap ng mama mo, ah.”

Kakaparada pa lang ni Randall sa motorsiklo ay sinalubong na siya ng kaibigang si Yul na naghihintay sa kanya sa labas ng kanilang bahay.

“Bata ba ako na kailangang hanapin kapag nawala sandali?” aniya habang bumababa ng motorsiklo.

“Well, hindi ka na nga bata. Pero ano’ng magagawa natin kung at twenty-eight, eh, you’re still Madam Elenita De Gracia’s little baby?” tudyong nito na inabot at pinisil ang baba niya. Pinalis niya ang kamay nito. “Ouch! Pikon naman ’to, o,” anito saka sinabayan siya paakyat sa portico. “You know naman what your mom’s concern is.”

“Baka takasan ko ang dinner party niya? Kaya nga hindi kita isinama para hindi niya maisip na gagawin ko ’yon.”

“As if naman hindi mo magagawang iwan ako kung talagang gugustuhin mong tumakas.”

Huminto si Randall sa tapat ng bahagyang nakaawang na sliding door. “Nandiyan na ba’ng mga bisita niya?”

“May mga dumating na pero since maaga pa at iilan pa lang sila, kaya ipinasyal muna sila ng mama mo sa greenhouse sa likod-bahay.”

“Mabuti naman. Hindi nila ako makikita pagpasok ko.”

“Aren’t you going to ask kung dumating na ’yung guest of honor ng mama mo?” tanong muli ni Yul. Sa halip na sagutin iyon ay hinawi ni Randall ang pinto. “Don’t worry, wala pa siya,” dugtong nito na umaagapay pa rin sa kanya papasok ng bahay. “Kaya may panahon ka pa para ayusin ang sarili mo.”

“Bakit, wala ba ako sa ayos?”

“Slight,” biro pa nito na sinamahan ng pagtawa. Pero agad din itong nagseryoso. “P’re, ang akin lang naman, seven years kayong hindi nagkita ni Tillie. Ayaw mo bang makita niya na sa panahong nagdaan, eh, walang nagbago sa iyo? Kung meron man, lalo kang umastig.”

“I have nothing to prove to her,” matabang na sagot niya.

“Ows? Talaga?”

“Of course. Si Mama lang naman ang may gustong makita siya.” Tinapik niya sa balikang kaibigan. “Anyway, I’ll go upstairs. I-text mo na lang ako kapag nagdatingan na ’yung ibang bisita and I’ll see if maisipan kong bumaba,” aniya saka pumanhik ng hagdanan paakyat sa kanyang kuwarto sa ikalawang palapag ng bahay.

Yul shrugged his shoulders habang sinusundan

siya ng tingin.



Pabagsak na naupo sa pang-isahang sofa si Randall pagkapasok ng kuwarto. Isinandal niya ang likod sa backrest saka humugot ng malalim na paghinga.

Gaya ng sinabi niya kay Yul, ang mama lang niya ang talagang may gustong makitang muli si Tillie DeVant. Sa parte niya, bakit naman niya hahangarin na makitang muli ang babaeng sumugat sa kanyang puso pitong taon na ang nakakaraan?

He closed his eyes at kasabay niyon ay unti-unting nabuo sa imahinasyon niya ang isang eksenang hinding-hindi niya makakalimutan...

“Hindi mo na ba ako mahal?” tanong niya noon sa twenty-year-old girlfriend.

“Of course, mahal kita,” sagot nito na hinawakan ang mukha niya at nilapatan ng halik ang kanyang mga labi.

Tillie’s lips were soft and sweet. Alam niya iyon dahil ilang ulit na rin naman niya iyong napagpasasaan.

“Then, why do you have to leave?” pagsusumamo niya kahit alam niya kung bakit ito nagpapaalam. Kinukuha ito ng half-French half-Filipino na ama at sa Paris na pagtatapusin ng pag-aaral. “Puwede

ka naman niyang suportahan kahit nandito ka lang sa Pilipinas, just like what he's been doing ever since, di ba?"

"Babe, ako ang humiling sa papa ko na sa Paris na ako pag-aralin," she declared.

Ikinagulat niya iyon dahil ang akala niya ay ang ama nito ang may gustong kunin ito at wala lang itong magawa dahil iyon ang sumusuporta sa mga pangangailangan nito.

"Alam mo naman na gusto kong maging model, di ba? Kaya pupunta ako sa France para mag-aral ng modelling."

"Bakit ba kailangan mo pang maging model? I can give you anything you want. My mom likes you, kaya walang magiging problema kahit magpakasal tayo ngayon mismo." Kinuha niya ang kamay ng kasintahan at pinupog ng halik. "Please, baby, don't leave me. Magpakasal na lang tayo."

Binawi nito ang kamay. "We're too young to get married, Randall. Napakarami ko pang pangarap sa buhay."

"Mas mahalaga ba 'yang mga pangarap mong 'yan kaysa sa akin?"

"Come on, huwag mo naman akong papiliin."

"And what if papiliin nga kita? Hindi ba ako ang pipiliin mo?"

Ilang saglit din bago sumagot ang babae, pero ikinasiya ng kalooban niya ang sinabi nito. "Of course, ikaw ang pipiliin ko."

Napanatag si Randall dahil doon. Ilang beses na rin namang napatunayan ni Tillie ang pagmamahal sa kanya. Ultimo nga ang sarili nito ay hindi nito ipinagkait. Bakit magdududa siya na mas mahalaga rito ang mga pangarap nito kaysa sa kanya?

But just when he thought Tillie chose him over her dreams, nagising na lang siya isang araw na wala na ito. Itinuloy nito ang pagpunta sa France nang hindi na nag-abiso pa sa kanya.

Umalis siya nang gan'un-gan'un lang 'tapos ngayon babalik siya nang gan'un-gan'un lang din?

Tumayo ang binata mula sa couch. Kung alam lang ni Tillie ang sakit na idinulot sa kanya ng ginawa nito, siguro ay hindi na ito magpapakitang muli sa kanya. Ang kaso ay kilala siya ni Tillie. Alam nitong wala itong gagawing anuman na hindi niya kakayaning patawarin.

Noon siguro. Pero iba na ngayon! tiim-bagang na sabi niya sa sarili.

CHAPTER *Two*

Linihatid ng guwardya sa gate si Destiny sa backdoor ng bahay ng mga De Gracia. Isang may-edad nang babae ang nagbukas niyon matapos niyang kumatok.

“Good afternoon po,” bungad niya.

Habang nakatingin sa kanya ay nakita niyang unti-unting namilog ang mga mata ng babae. Kapagkuwa’y napabulalas ito. “K-kilala kita! Ikaw’yung... anak ni Stella, hindi ba?”

Natigilan siya. Isa pa sa ibinilin ni Auntie Belen ay huwag daw niyang sasabihin kahit kanino sa bahay na pupuntahan niya kung sino talaga siya. Kung may magtanong ay sabihin daw niya na nagtatrabaho lang siya para rito. Inusisa niya sa kausap kung bakit, pero simpleng ‘basta’ lang ang

isinagot nito.

“Napanood kita sa TV, sa balita tungkol sa sunog. Ikaw si...”

“Des po. Destiny Poblete,” pag-amin niya. Bakit pa niya ikakaila ang totoo kung alam naman pala iyon ng kaharap niya? “Ito na po pala ’yung mga kakanin na order n’yo. Pasensya na po kung medyo na-delay. Naglakad lang po kasi ako papunta rito.”

“Tamang-tama lang naman ang dating mo.” Kinuha nito sa kanya ang hamper at iginiya siya papasok.

“Kilala n’yo pala ang mama ko,” aniya habang binabaybay nila ang pasilyo papunta sa kusina.

“Naku, best friend ko siya noong mga bata pa kami. ’Yun nga lang, hindi na kami nagkita mula nang umalis siya rito. Kaya nalungkot talaga ako n’ung napanood ko sa TV ’yung tungkol sa sunog. Hindi ko akalain na sa tagal ng panahon ay ganoong balita pa ang masasagap ko tungkol sa kaibigan ko.”

Hinaplos ng kalungkutan ang puso ni Destiny. Ang sunog na tinutukoy ng babae ay ang trahedyang bumawi sa buhay ng mama niya at barely one month pa lang nang mangyari iyon kaya sariwa pa sa kanya.

Kasama ang isang college friend na fresh graduate ding gaya niya sa kursong Hotel and Restaurant Management, nag-a-apply siya ng trabaho noon sa isang kilalang hotel nang makatanggap siya ng text

message mula sa isang kapitbahay. May sunog daw sa lugar na tinitirahan nila sa Navotas.

Higit sa naabong mga ari-arian, isang masamang balita ang sumalubong sa kanya nang umuwi siya. Nag-attempt daw na magsalba ng gamit ang mama niya at na-trap sa loob ng bahay nila. Buhay pa ito nang ma-rescue, pero dead on arrival ito sa hospital dahil sa suffocation.

Maliban sa suot na damit ay walang iniwan na kahit ano kay Destiny ang sunog na iyon. Bigla ay para siyang naulilang tupa. May mga kaibigan nga siya pero walang ari-arian o kamag-anak. Lumaki kasi siyang ang alam ay sila lang ng mama at papa niya ang magkakapamilya.

Pero isang impormasyon ang sinabi sa kanya ng kapitbahay nilang si Ruth na kapalagayang-loob ng mama niya.

“Nanggaling sa isang bayan sa Quirino ang mama mo. Minsan niyang nabanggit sa akin na may kapatid siya roon na Belen ang pangalan.”

Gustong sumama ng loob ni Destiny. Bakit sa kanya, ni minsan ay walang sinabi si Stella tungkol sa bayan na pinanggalingan at sa pamilyang iniwan doon? Pero hindi na rin niya pinalawig ang sama ng loob. At least, nalaman niyang hindi pa rin pala siya nag-iisa sa mundo. At tatal ay wala nang natitirang anuman sa kanya sa Manila, nagpasya siyang

hanapin ang sinasabing kapatid ng mama niya at maipaalam man lang doon ang nangyari.

Hindi siya nahirapan na matunton si Auntie Belen. Kilala ito sa Bgy. Maria Clara sa Quirino at kilala rin ang negosyo nitong tindahan ng mga kakanin. Nang makilala ito, napatunayan niyang nasa dugo talaga nila ang husay sa paggawa ng mga kakanin. Sa ganoong hanapbuhay rin kasi siya itinaguyod ni Stella nang mamatay sa aksidente sa trabaho ang papa niya.

“Hindi ako makapaniwala n’ung napanood ko sa balita ’yung tungkol sa sunog lalo na nang interview-hin ka n’ung reporter,” sabi ng babae nang nasa kusina na sila. Nagpakilala ito sa kanya bilang si Marla, ang mayordoma sa bahay na iyon. “Hindi ko akalain na may anak nang dalaga ang kaibigan ko at gaya niya’y maganda rin. Magkahawig kayo.”

“Kaya po ba parang nagulat kayo n’ung nakita n’yo ako kanina?” tanong niyang sinikap na palisin ang lungkot.

“Sa unang tingin, akala ko si Stella ang kaharap ko. Naitanong ko agad sa sarili ko... paano na lang kapag nakita siya ni Sir Jimmy?”

“Sir Jimmy?”

“Asawa ni Madam Elen. Iyon ang totoong mayari ng plantasyon at ng bahay na ito.”

“Kilala din po niyon si Mama?”

“Hindi lang kilala.” Ngumiti ito nang alanganin. “Kung naiba lang siguro ang mga pangyayari, baka nga ipinanganak ka sa bahay na ito at dito rin lumaki.”

Napaarko ang isang kilay niya. “Ano po’ng ibig n’yong sabihin?”

Sinagot siya nito ng pagkikibit-balikat.



Matapos hainan ng makakain ay iniwan ni Marla si Destiny sa kusina. May nagsabi kasi sa mayordoma na dumating na ang model kaya pahangos itong lumabas kasama ng iba pang kasambahay para sumalubong, na animo ay celebrity iyong dumating.

Mayamaya ay isang maid ang bumalik.

“Hindi naman pala gaanong kagandahan. Sexy lang talaga,” sabi nito. Namukhaan niya ito dahil ito ang nagdala kay Auntie Belen ng listahan ng mga inorder na kakanin ni Mrs. De Gracia para sa party na iyon.

“Sino?” curious na tanong niya.

“Si Tillie DeVant. Nakita mo na ba siya?”

Umiling siya. “Sino ba ’yon?”

“Model siya galing sa France. Kaya nga may party rito ngayon para sa pagbisita niya.”

“Model galing sa France, bumisita rito?” di-makapaniwalang reaction niya.

“Taga-Manila talaga siya pero may bahay sila diyan sa bayan.” Nakita niyang inamoy-amoy nito ang bilao ng bibingka na nakabukas na ang cover na dahon ng saging. “Ang bango naman nito!” pag-iiba nito sa usapan. “Kaya gustong-gusto ni Madam na ganito ang dessert kapag nagpapa-party siya, eh.”

“Magaling kasi talagang gumawa ng kakanin si Auntie Belen,” sabi niya.

“Kamag-anak ka ba ni Aling Belen?” tanong nito.

Hindi sumagot ang dalaga. Nasa isip pa rin kasi niya ang ibinilin ng kanyang tiyahin.

“Buti pinatuloy ka ng mag-iinang iyon sa bahay nila.”

Hindi pa rin siya kumibo. Ang totoo, nang nagpakilala siya kay Auntie Belen ay hindi na ito nagulat. Napanood din daw nito ang balita tungkol sa sunog, kaya alam nito ang nangyari sa mama niya. Ipinagtaka niyang hindi man lang ito naghanged na makita ang kapatid sa huling pagkakataon, pero hindi na siya nagtanong.

Hindi kasi nalingid sa kanya ang tila pagbabantulot nito na tanggapin siya sa bahay nito. Kung hindi pa niya sinabi na magbabakasyon lang siya sandali roon para kahit papaano ay gumaan ang loob niya sa pinagdaanang trahedyang at pagkatapos ay babalik din ng Manila ay parang hindi pa siya

nito patutuluyin.

Alam niyang dahil iyon sa hindi pa siya nito kilala. Umasa siyang in due time ay mapapalapit din ang loob nito at ng dalawa nitong anak sa kanya.

“Maiwan muna kita dito, punta lang ako sa labas,” anang babaeng kausap niya.

Ang tagal namang bumalik ni Aling Marla, sa loob-loob niya nang muling mapag-isa. Papadilim na sa labas pero alam niyang hindi siya puwedeng umalis nang hindi pa naibibigay sa kanya ang kabuuang bayad sa mga kakanin. Sinabi ni Auntie Belen na hintayin niya iyon.

Hinuhugasan na niya sa lababo ang pinagkainang plato nang may pumasok muli sa kusina.

“Pakigawa nga ako ng juice. Pakidala sa room ko, ha.”

Napalingon si Destiny pero likod na lang ng lalaking nagsalita ang nakita niya. Pumanhik ito sa isang makipot na hagdanan na kung saan papunta ay hindi niya alam.

Siya namang balik ng maid na kausap niya kanina. Sumilip ito sa punong-hagdanan na inakwatan ng lalaki. “Si Sir Randall ba ’yon?” tanong nito.

Nagkibit siya ng balikat. “Ewan ko.”

“Hindi mo ba kilala si Sir Randall? Nag-iisang anak siya nina Sir Jimmy at Madam Elen. Iyon lang

naman ang pinakamakisig na lalaking puwede mong makita rito.”

“Ganoon? Eh... napagkamalan yata niya akong kasambahay dito.”

“Talaga? Hindi rin kasi niya kilala lahat ng mga nagtatrabaho rito. Sa Manila kasi naglalagi, umuuwi lang siya dito kapag may okasyon.”

“May iniutos siya. Dalhan daw siya ng juice sa kuwarto.”

“Naku! May ginagawa ako sa labas, eh. Pakisabi na lang kay Manang Marla,” anito saka tumalikod upang umalis. Pero agad din itong bumalik. “May iniintindi nga rin pala si Manang Marla sa sala ’tapos busy rin ’yung iba. Pasuyo naman, baka puwedeng... pakihatiran ng juice si Sir Randall tutal hinihintay mo pa ’yung bayad sa mga kakanin, di ba?”

Ikinagulat niya iyon. “Ha? Pero...”

“Baka magalit kasi si Sir pag walang gumawa sa utos niya at samain kaming lahat. Diyan lang naman ’yung kuwarto niya pagkaakyat, kumatok ka lang. Huwag kang mag-alala, ipapaalala ko kay Manang Marla ’yung bayad sa kakanin para makuha mo na pagbaba mo. Salamat, ha,” anito saka tuluyan nang lumabas nang hindi man lang hinintay ang sagot niya.



She's here, 'Tol, and she's really stunning. Kaya bumaba ka na dito dahil kung hindi, magsisipi ka kapag hindi mo siya nakita.

Iyon ang sinabi sa text message ni Yul kay Randall. Kakalabas lang ng binata sa bathroom nang mabasa iyon. Hindi pa nga siya nakakapagbihis at nakatapi pa lang ng tuwalya.

Pabagsak siyang naupo sa gilid ng kama habang itinatanong sa sarili kung ano ba ang dapat niyang maramdaman ngayong napakalapit na muli sa kanya ng babaeng dating kinabaliwan. At kaakit-akit daw ito ngayon, ayon kay Yul.

Dati pa namang 'stunning' si Tillie. Kung hindi ay maaakit ba rito ang isa sa most eligible bachelor sa Paris?

Masama man ang loob sa walang paalam na pag-alis at sa hindi man lang pag-attempt na makipag-communicate sa kanya ay pilit pa ring inunawa ni Randall ang babae. Umasa siyang hindi ito makakatagal sa pagkakalayo nila at eventually ay babalik ito sa kanya. Pero lumipas ang dalawang taon ay hindi nangyayari ang inaasahan niya. Gayunman ay hindi pa rin siya nawalan ng pag-asa. Binalak niyang sundan ito sa France tatal ay graduate na siya noon ng architecture at naghihintay na lang ng resulta ng licensure exam.

Pero hindi pa siya nakakapagtanda sa binalak na

pagsunod sa France ay kumalat na sa fashion world ang balita na nagpadilim nang husto sa mundo niya. Nagpakasal daw ang promising model na si Tillie DeVant sa isang kilalang binata sa Paris. Biglaan ang kasalan pero walang ibang sinabing dahilan ang bride at groom kundi madly in love lang daw ang mga ito sa isa't isa.

Bumagsak ang mundo ni Randall dahil doon, pero katagalan ay nagawa rin niyang maka-recover. Kasabay ng pangakong tuluyan na niyang buburahin sa buhay niya ang nagtaksil na babae ay itinuon niya ang attention sa kanyang career bilang architect. Hindi nagtagal at nakilala rin siya bilang isa sa pinakamahasag sa kanyang field. Dahil sa kanya ay naging mabilis ang pag-angat ng architectural firm na itinayo nila ni Yul. Hindi man niya hinangad, dumating ang panahon na kinilala siya ng marami bilang isa sa Manila's most eligible bachelors.

Sa mga dumaang panahon ay iniwasan niyang makarinig ng anumang balita tungkol kay Tillie. Pero nang nakaraang taon lang, mismong ang ina niyang si Elenita ang nagpaabot sa kanya ng surprisingly ay itinuturing nitong good news. Divorced na raw si Tillie sa lalaking pinakasalan after four years of marriage.

Hindi iyon binigyan ng importansya ni Randall. Hanggang nang isang araw, isang balita muli tungkol

kay Tillie ang masayang isinalubong sa kanya ni Elenita nang dumating sila ni Yul sa Quirino.

“She’s here, hijo. Nandito na ulit sa Pilipinas si Tillie!”

Hindi siya nagulat. Fashionista ang mama niya kaya hindi nakakapagtaka na alam nito ang tungkol sa pagbabalik-bayan ng isang Filipina model na naging successful sa ibang bansa. Besides, sadya naman talagang sinubaybayan nito ang buhay ng dati niyang nobya.

“And you know what? She’s looking for you,” dagdag nito.

“Really? So, nagkausap na kayo,” aniya.

“Actually, sa phone pa lang. May nahingan siya ng number ko at... sinabi niya na gusto ka niyang makita.”

Sinadya niyang ipakita ang paniningkit ng mga mata. “Is that the reason why you asked me to come home?”

“Well...” anitong nagkibit-balikat, “ganoon na nga. Gusto kasi niyang magkita kayo dito. I don’t know... siguro gusto niyang maalala ’yung masasayang moments ninyo dito noon.”

“Mama, marami akong trabaho sa Manila. At hindi ako interesadong makita si Tillie.” Tinalikuran niya ang ina. Ang balak niya ay bumalik sa Manila nang oras ding iyon mismo. Pero hindi siya nito

hinayaan.

“Randall, alam ko na masama pa rin ang loob mo sa nangyari sa inyo. Pero alam ko rin na mahal mo pa siya.”

“That is not true!” tanggi niya.

“Come on, I know it’s true. Mula nang umalis siya, hanggang ngayon wala ka pang ibang naging girlfriend. Proof ’yan na hindi mo pa siya nakakalimutan.”

“Mali kayo, Ma. Ilang beses na ’kong nagka-girlfriend after her. In fact... may girlfriend ako ngayon. Hindi ko pa nga lang naipapakilala sa inyo pero... makikilala n’yo rin siya soon,” pagsisinungaling niya.

Mrs. De Gracia rolled her eyes. “I don’t believe you. You’re my son, Randall, and I know you.”

“Mama, nagpakasal si Tillie sa iba,” giit niya.

“She’s divorced now at hindi naman siya nagkaanak sa pinakasalan niya. Isa pa, naipaliwanag na niya sa akin na ginawa lang niya iyon dala ng pangangailangan. For publicity. Pamangkin ng isang fashion icon sa Paris ang nagkagusto sa kanya. Tanga lang ang hindi magti-take advantage sa opportunity na iyon. At hindi tanga si Tillie. Pero hindi siya nakatagal kaya nakipag-divorce siya. Dahil iyon sa iyo, hijo. Dahil mahal ka pa rin niya.”

Sa puntong iyon ay parang lumambot ang loob ni Randall. “Sinabi niya iyan sa inyo?”

“Yes. She still loves you. Kung nagpakasal man siya sa iba, hindi big deal iyon dahil ikaw pa rin naman ang unang lalaki sa buhay niya.”

“Ma...”

“Hijo, give her a chance. Give yourself a chance. Kapag nagkita kayo ulit, saka mo lang mapapatunayan sa sarili mo kung mahal mo pa siya o hindi na talaga.” Nilambing-lambing pa ni Elenita ang anak nito. “Besides, na-organize ko na ’yung party para sa pagbabalik niya rito at sa pagkikita n’yo. Naipagmalaki ko na sa mga amiga ko na magiging bisita rito sa bahay si Tillie. Alam nila ang tungkol sa inyo at nakakahiya naman kung hindi ka nila makikita rito.”

Nang mga oras na iyon ay hindi tiyak si Randall kung ano ang nagpalambot sa kanya. Ang pakiusap at paglalambing ba ng kanyang ina o deep inside ay gusto rin niyang makita ang babaeng minsang naging sentro ng lahat sa kanya.

Dahil sa malalim na pagmumuni-muni ay halos magulantang ang lalaki nang biglang may kumatok sa pinto ng silid niya.

CHAPTER *Three*

“*S*’abi ko, pakilagay na lang ’yang juice sa ibabaw ng bedside table.” Pangalawang utos na iyon ni Randall sa babaeng pinagbuksan ng pinto.

Nanatiling nakamaang si Destiny. Humigpit ang grip niya sa tray na muntik na niyang mabitiwan nang mamukhaan ang lalaking kamuntikan nang makabundol sa kanya kanina.

“Are you okay?” tila naiiritang tanong ng binata.

Napatingin ito sa sarili nang maalala na nakatapis nga lang pala ito ng tuwalya. Dali-dali itong gumawi sa closet at kumuha ng damit na maisusuot.

“Dati ka na bang kasambahay dito o kinuha ka lang ni Mama para tumulong sa party niya? I don’t

seem to recognize you. Hindi kita nakikita rito mula nang dumating ako the other day.”

Hindi alam ni Destiny kung hindi lang siya namukhaan ng lalaki o inisip lang talaga nito na naroon siya para sa party. “Ah, ang totoo, napakiusapan lang ako na magdala nitong—”

Pinutol ang sinasabi niya ng biglang pagtunog ng cellphone na nasa kama. Pareho silang napatingin doon, kaya nakita niya nang dali-dali nito iyong dinampot.

P’re, paakyat diyan sa kuwarto mo si Tillie kasama ang parents mo. Mukhang nainip na sa hindi mo pagbaba dito, ang sinabi sa text message na nabasa ni Randall galing kay Yul.

Halata ang biglang pagkalito ng binata. Dumating na ang pagkakataon na hindi nito tiyak kung gusto ba nitong mangyari o hindi.

Si Destiny naman, matapos lihim na pagtaasan ng kilay ang lalaki ay kumilos na para lumabas ng kuwartong iyon. Nasa pinto na siya at napihit na ang doorknob pabukas nang muli siyang tawagin ng lalaki.

“Wait! What is this?” anitong nakaturo sa baso ng juice na iniwan niya.

“Di ba... humingi ka ng juice?”

“Wala bang nagsabi sa iyo na pineapple juice

lang ang iniinom ko? This is orange juice.”

Aba, choosy!

Napaangat muli ang kilay niya. Wala kasi siyang kaalam-alam sa tension na nararamdaman ng kausap nang mga sandaling iyon.

“Siguradong matutuwa siya kapag nakita ka,” Randall overheard from a slightly opened door. Boses iyon ni Elenita at kasunod ay ang malambing na boses ni Tillie na hanggang ngayon ay pamilyar pa rin dito.

“You think so, Tita?”

“Of course.”

Sa kalituhan, di-sinasadyang nabalingan nito si Destiny na nasa aktong dinadampot ang baso ng juice. Sing-bilis ng kidlat mula kung saan ang idea na pumasok sa isip nito. Isang idea na hindi na pinag-isipan kung tama o mali o kung ano ang maaaring maging consequences. Ang tanging gusto nito ay maipakita kay Tillie na kung nagawa ng huli na ipagpalit ito sa iba ay kaya rin nitong gawin iyon.

Padaskol na inabot ni Randall ang braso ng babaeng inakala nitong kasambahay, na labis namang nabigla.

“Aray!” Sa gulat ay nabitiwan ni Destiny ang baso ng juice.

Pero higit pa roon ang sumunod na nangyari.

Sinaklit ng lalaki ang katawan niya, ikinulong sa matitipunong bisig saka agad na kinuyumos ng halik ang kanyang mga labi. Tila hindi pa nagkasya roon, ibinagsak nito ang sarili sa kama tangay siya. Dinaganan siya nito na animo ay sinisigurong hindi siya makakapalag.



Diyos ko, ano ba 'to? litong tanong ni Destiny sa isip.

Ang pagkagulat niya ay nahalinhan ng takot. Gusto niyang pumalag pero malakas ang lalaki. Naramdaman niya na sumapo ang kamay nito sa dibdib niya, ilang ulit na humagod doon, bagay na lalo niyang ikinasindak.

Hayup! Walanghiya! Manyak! hiyaw ng kalooban niya.

Inipon niya ang lakas para subukang tapatan ang puwersa nito. Pero bigla ay kusa itong tumigil sa ginagawa saka nagtaas ng mukha.

“M-Mama!” bulalas nito.

“Ano’ng ibig sabihin nito, Randall?”

Maawtoridad ang boses na iyon at kung natakot si Destiny sa ginawa ng lalaki ay nadagdagan pa iyon nang makitang may mga tao nang nakatayo sa pintuan.

“Bakit bigla na lang kayong pumapasok sa

kuwarto ko?” Randall showed feigned antipathy.

“What are you doing? Sino’ng babaeng ’yan?”
sita ni Elenita.

“Ito?” Binalingan ni Randall ang dalaga,
nginitian nang matamis. “Girlfriend ko.”

Girlfriend?

Sinikap niyang huwag pansinin ang kung anong
bigla na lang naramdaman nang ilang saglit siyang
ma-focus sa nakangiting mga labi ng lalaking
tinawag na ‘Randall’. Iyong mga labing walang
kaabog-abog na sumiil ng halik sa kanyang bibig.

“You told me Randall is still single, Tita,” ani
Tillie kay Elenita.

“He is. He is, hija.”

“Then, who’s... that...?”

Matalim ang mga mata na binalingan ng may-
edad nang babae ang anak nito. Pero inunahan ito
ni Randall sa pagsasalita.

“Sinabi ko na sa inyo na may girlfriend ako na
ipapakilala sa inyo, hindi ba?” Itinaas nito ang isang
kamay. “Huwag n’yong sasabihin na kinuha n’yo lang
siya para magtrabaho rito, kaya hindi siya bagay na
maging girlfriend ko. Alam n’yo naman na hindi ako
tumitingin sa katayuan ng tao.” Minsan pa nitong
binalingan si Destiny, pinisil ang baba at muling
nginitian nang matamis. “As long as gusto ko siya

at gusto niya ako, walang problema. Right, baby?”

Alam ng dalaga na dapat ay ilabas na niya ang galit sa ginawa sa kanya ng lalaki, pero hindi niya maintindihan kung bakit tila nahihimay ang kalamnan niya sa mga pagngiti nito.

“You mean, she’s just a worker here?” May bahid ng disgusto ang reaction ni Tillie.

Binalingan ni Elenita si Destiny. Oo, kumuha ito ng ilang tao na tutulong sa mga kasambahay sa paghahanda sa party, pero lahat iyon ay mga anak ng mga trabahador sa plantasyon at personal nitong kilala. At alam nito na hindi isa sa mga iyon ang babaeng nasa kama ng anak.

Sa lahat ng iyon ay wala man lang nakapansin na sa kinatatayuan ay hindi makakibong nakatitig lang si Jimmy De Gracia kay Destiny.

“I don’t know what you’re talking about.” Muling binalikan ng tingin ni Elenita ang anak nito. “Hindi ko kilala ang babaeng ’yan.”

Saglit na napakunot-noo si Randall. Mayamaya ay bumaba ito ng kama para makagawa ng mas convincing na kasinungalingan tungkol sa babaeng inaakong nobya.

“All right, I admit, wala akong girlfriend nang dumating ako rito the other day. Pero nakita ko siya... yesterday... sa bayan. Actually, dati na kaming

magkakilala. We had this... mutual understanding the last time I was here, so n'ung nakita ko siya ulit ay hindi ko na pinalampas. I courted her and..." Nagkibit-balikat ito. "...she said yes. Kaya may girlfriend na ako... ngayon."

Sa pagkakataon na iyon bahagyang napanganga at napakunot-noo si Destiny. Hindi na talaga niya maintindihan kung ano ang pinagsasabing iyon ng lalaki.

"Will you cut that crap, Randall?" gigil na supla ni Elenita. "Sabihin mo kung sino ang babaeng 'yan. Saan mo siya nadampot? Ano'ng pangalan niya?"

Doon natigilan ang binata. "Pangalan? Ah, she's..."

"Destiny?"

Napabaling ang lahat sa malakas na pagkakabulalas na iyon ng kadarating pa lang na si Marla. Nakakita ng puwedeng makakampi, tila pinanumbalikan ng tamang huwisyong si Destiny.

"Aling Marla!" aniya saka patakpong lumapit sa kaibigan ng kanyang mama.

Ang mayordoma ang hinarap ni Elenita. "Kilala mo ang babaeng 'yan, Marla?"



Ano bang kamalasan ang nangyayaring ito sa buhay ko? tila binabangungot na tanong ni Destiny

sa kanyang sarili.

“Hoy, gumising ka nga riyan!”

Nakaramdam siya ng malakas na pagyugyog kasabay ng paasik na mga salitang iyon. Nagdilal siya ng mga mata. Malabo pa man ang vision niya ay alam na niya kung sinu-sino iyong nakatayo sa paanan niya.

Kinusot niya ang mga mata. Natutulog pala siya. Ibig sabihin ay panaginip lang ang lahat. Panaginip lang si Randall De Gracia.

“Ayos ka, ha! Tanghali na nakahilata ka pa riyan,” sabi ng pinsan niyang si Marites na panganay na anak ni Auntie Belen.

“Sorry. Hindi ko namalayan na tanghali na pala. Babangon na ’ko.”

“Dapat lang,” susog ng bunsong anak ni Auntie Belen na si Carla. Sa dalawa ay ito ang kaedad niya. “Marami kang ipapaliwanag kay Inang. At kung ako ikaw, sisimulan ko na ring iimpake ng mga gamit ko.”

“Ha?” Napatingin siya sa tiyahin na nakahalukip at salubong ang mga kilay.

“Tinanggap kita sa pamamahay ko. Hindi ko akalain na ganito ang igaganti mo, Destiny,” pasumbat na sabi nito.

“B-bakit po, Auntie?” takang tanong niya.

“Huwag ka ngang magmaang-maangan diyan,”

ingos ni Carla. “Maagang nagpunta si Inang sa mga De Gracia para kunin ’yung bayad sa mga kakanin na hindi mo kinuha kagabi. Nalaman niya ’yung kalokohan na ginawa mo doon.”

Namilog ang mga mata niya. Ibig sabihin ay hindi siya nananaginip lang. Totoo ang lahat ng mga nangyari; si Randall at ang ginawa nito sa kanya.

“Auntie, wala po akong kasalanan sa mga nangyari doon,” agad na depensa niya.

“Eh, ano pala’ng tawag sa ginawa mo?” sabat ni Marites. “Kahapon mo lang nakilala si Randall ’tapos nilandi mo na siya sa mismong kuwarto niya. Grabe ka!”

“Wala akong ginawa sa taong iyon. Siya ang may hindi magandang ginawa sa akin,” giit niya.

“Ganoon?” Pinagtaasan siya nito ng kilay. “Halos lahat ng dalaga rito’y inaasam na pansinin ni Randall sa tuwing nandito siya. Pero walang gumawa ng gaya ng ginawa mo. Siguro n’ung nakita mo siya, hindi ka nakatiis kaya sinunggaban mo siya agad.”

“Hindi kami makapaniwalang ganoon ka,” dagdag ni Carla. “Ang lakas ng loob mo. Sabagay, galing ka sa Manila. Ganyan yata talaga ang mga babaeng tagaroon, walang delicadeza.”

“Alam mo, malaki ang utang na loob namin kay Madam Elen,” patuloy ni Marites. “Umaasenso

ang negosyo namin dahil inirerekomenda niya ang mga kakanin namin sa mga kaibigan niya. Ngayon nagalit siya kay Inang dahil sa iyo. Kapag nagkataon pati 'yung mga customer namin na kakilala niya ay mawawala dahil sa iyo.”

Napamaang si Destiny sa mga naririnig. “Ano ba kayo? Ako ang naagrabyado roon.”

“Hindi iyon ang punto,” sabat na ni Auntie Belen. “Namemeligro ngayon ang kabuhayan namin dahil sa nangyaring iyon. Hindi namin puwedeng balewalain ang galit ni Madam.”

“Ano po'ng gusto n'yong gawin ko?”

“Ano pa? Eh, di umalis ka rito sa amin,” sagot ni Carla. Napaurong ang dalaga. “Iyon ang dapat mong gawin. Baka kapag nagtagal ka pa rito ay hindi mo lang tigilan si Randall at lalo lang magalit sa amin si Madam.”

Binalingan niya ang nakatatandang babae. “Auntie...”

“Mali 'yung inutusan kitang magpunta sa bahay ng mga De Gracia,” anito. “Pero akala ko kasi may sariling kapalaran ka at hindi ka susunod sa yapak ng ina mo. Ang nangyari... ilang araw ka pa lang dito pero kailangan mo na ring mawala agad sa lugar na ito gaya niya noon.”

“Ano po'ng ibig n'yong sabihin?”

Sa halip na sumagot ay tumalikod si Auntie Belen at humakbang palayo.

“Ang ibig sabihin ni Inang ay umalis ka na sa bahay namin. Malinaw ’yon kaya huwag kang magtanga-tangahan,” ani Carla saka sumunod sa ina nito.

“P...pero...”

“Hihintayin mo pa bang ipagtabuyan ka?” dagdag ni Marites saka pinagtaasan muna siya ng kilay bago sumunod na rin sa dalawa.

Maraming ulit na napailing si Destiny habang sinusundan ng tingin ang mga kaanak. Hindi siya makapaniwala na hindi man lang binigyang-halaga ng mga ito ang paliwanag niya at mas inalala pa ang galit ng ibang tao. At ang Elenita naman na iyon, bakit umabot hanggang sa tiyahin niya ang galit nito gayung ang anak nito ang may kasalanan?

Sa lahat ng iyon ay may higit siyang ipinagtataka. Ano ang kahulugan ng mga huling sinabi ni Auntie Belen bago siya tinalikuran?